

# IPAKILALA ANG IYONG ANAK SA LIGAYA NG MUSIC THERAPY!

Ang aming **Music Therapy Program** ay isang magandang pagkakataon para matuklas ng iyong anak kung paano mapapabuti ng musika ang kabutihan ng kaniyang emosyon at tulungan siyang ipahayag ang kaniyang sarili. Nagbibigay kami ng magiliw at sumusuportang espasyo kung saan masisiyahan ang mga bata sa musika at makabubuo ng mga bagong pagkakaibigan.

Kasama sa programa ang **10 lingguhang sesyon ng mga klase sa music therapy ng grupo at mga grupong sumusuporta sa peer.** Sa mga sesyon na ito, magkakaroon ng pagkakataon ang iyong anak na lumikha ng sarili niyang proyekto sa musika gamit ang iba't ibang instrumentong pangmusika na ipakikilala sa klase. Sa pagtatapos ng programa, mapipili ng iyong anak na ibahagi at isagawa ang kaniyang proyekto sa aming community event – isang pagdiriwang ng kaniyang pagkamalikhain at paglago!

JEFFERSON
Elementary School District

## LOKASYON NG KLASE

**Franklin D. Roosevelt School**
1200 Skyline Drive
Daly City, CA 94015

## IMPORMASYON NG PROGRAMA

**North East Medical Services**
211 Eastmoor Avenue
Daly City, CA 94015

650-550-3923

www.nems.org/services/behavioral-health/

## PAANO MAG-ENROLL

**MAGSISIMULA ANG MGA KLASE SA MARTES, PEBRERO 6, 2024**

*Kung interesado kang i-enroll ang iyong anak sa aming Music Therapy Program, makipag-ugnayan sa kinatawan ng iyong paaralan:*

**Amber Waters**
School Counselor

650-535-0543
awaters@jeffersonesd.org
Ang mga form ng pahintulot ay maaaring ibigay sa main office o sa room 14.



# MUSIC THERAPY PROGRAM

CREATIVE VIBES MUSIC THERAPY

NEMS NORTH EAST MEDICAL SERVICES
NORTH EAST MEDICAL SERVICES
東 北 醫 療 中 心
a california health+ center

# ANO ANG HITSURA NG MUSIC THERAPY?

**Sa aming programa, tumutugtog kami ng musika sa apat na masayang paraan:**

- **Gumawa ng Musika sa Paraan Mo**
  Tutugtog ng iyong anak ang kanilang mga paboritong kanta sa kanilang sariling paraan. Ito ay masaya at tumutulong sa kanila na ibahagi ang kanilang nararamdaman sa iba.

- **Makinig at Magsalita**
  Magkakasama kaming nakikinig ng musika at pinag-uusapan ang aming iniisip. Ito ay isang mahusay na paraan upang malaman kung paano maunawaan ang bawat isa.

- **Lumikha ng Musika nang Ahora Mismo**
  Gagawa ng musika ang iyong anak doon mismo kasama ng mga kaibigan. Tingnan kung ano-anong kahanga-hangang tunog ang magagawa ng iyong anak!

- **Sumulat ng mga Kanta**
  Papalitan ng iyong anak ang mga salita ng mga kanta na alam niya o gagawa ng mga bago. Masayang magkuwento gamit ang musika.

**Gugugulin natin ang kahabaan ng oras natin sa pagtugtog ng musika at pagsulat ng mga kanta, ngunit maaari rin tayong sumubok ng iba pang mga paraan. Hindi kailangang marunong nang tumugtog ng musika ang anak mo – makapupunta siyang na handang magsaya at sumubok ng mga bagong bagay!**

**Mga Benepisyo ng Music Therapy para sa Iyong Anak:**

- **Makipagkaibigan**
  Isang magandang lugar para sa iyong anak na makakilala at maka-ugnayan ang iba na mahilig din sa musika.

- **Pagtuklas sa Sarili**
  Makatutulong ang music therapy sa iyong anak na mas maunawaan at maipahayag ang kaniyang mga damdamin.

- **Ligaya at Kalmado**
  Ang pagtugtog ng musika ay makapagpapasigla sa kaniyang kalooban at makapagpapakalma sa kaniya.

- **Malikhaing Pagpapahayag**
  Masisiyahan siyang lumikha ng sarili niyang musika at mga kanta.

- **Pagbuo ng Kumpiyansa**
  Ang pagbahagi ng musika sa iba ay maaaring maging isang nakagagalak at nakahihimok na karanasan para sa kaniya.

## SCHEDULE NG KLASE



| Linggo | Sesyon |
|---|---|
| 1 | Music Therapy |
| 2 | Music Therapy |
| 3 | Music Therapy |
| 4 | Music Therapy |
| 5 | Peer Support Group |
| 6 | Music Therapy |
| 7 | Music Therapy |
| 8 | Music Therapy |
| 9 | Music Therapy |
| 10-11 | Pagganap ng Komunidad |
| 12 | Peer Support Group |

NEMS complies with applicable Federal civil rights laws and does not discriminate on the basis of race, color, national origin, age, disability, or sex.
**Spanish** ATENCIÓN: Si habla español, tiene a su disposición servicios gratuitos de asistencia lingüística. Llame al (415) 391-9686 ext. 8160 (TTY: 1-800-735-2929).
**Chinese** 注意：如果您使用中文，您可以免費獲得語言援助服務。請致電 (415) 391-9686 轉內線 8160 (TTY: 1-800-735-2929)。
**Vietnamese** CHÚ Ý: Nếu bạn nói Tiếng Việt, có các dịch vụ hỗ trợ ngôn ngữ miễn phí dành cho bạn. Gọi số (415) 391-9686 ext. 8160 (TTY: 1-800-735-2929).

NEMS - Rev. 02/2024

# PEER SUPPORT GROUP

## Ano ang Peer Support Group?

Ang aming **Peer Support Group** ay isang espasyong pangsuporta sa iyong anak para makipag-usap, matuto, at lumago kasama ng ibang mga bata na kaedad nila. Ang bawat klase ay pinamumunuan ng isang therapist na may karanasan sa pagsuporta sa mga bata sa kalusugan ng kanilang emosyon at ugali.

## Ano ang ginagawa namin sa bawat support group?

- **Pagninilay**
  Magsasagawa kami ng mga aktibidad ng grupo at tatalakayin ang mga karanasan at natutunan nila mula sa kanilang mga klase sa music therapy.

- **Pag-usapan ang Mahalaga sa Kanila**
  Pinag-uusapan namin ang tungkol sa mga bagay tulad ng stress sa paaralan, mga pakikipagkaibigan, at mga alalahanin na maaaring mayroon ang iyong anak.

- **Masasayang Aktibidad**
  Gumagawa kami ng masasayang aktibidad ng grupo na makatutulong sa kaniyang gumanda ang pakiramdam at matutunan ang tungkol sa kaniyang sarili.

- **Oras ng Pagkukuwento**
  Isang ligtas na espasyo kung saan maaaring ikuwento ng iyong anak ang tungkol sa sarili niyang mga kuwento at matuto mula sa iba.

- **Makakuha ng Mga Kapaki-pakinabang na Tip**
  Matututo ang iyong anak ng mga bagong paraan upang harapin ang mabibigat na emosyon o mga problemang kinakaharap niya.

- **Espasyong Pangsuporta**
  Isang espasyong pangsuporta para sa lahat ng bata upang matuto at lumago.

## Sama-sama Tayong Lumago

Naniniwala kami sa kapangyarihan ng pagbabahagi at paglago nang sama-sama. Hikayatin ang iyong anak na sumali sa amin at tuklasin ang laki ng makukuha nila sa pakikipag-usap sa mga kasama at pakikisali sa musika!